

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Mayo 21, 2021

Kontak: City of Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS,  
[jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para Sa Agarang Paglabas

## **Ang Lungsod ng Long Beach Kasosyo ng Long Beach Unified School District Upang Mag-host ng Mga Klinika sa Bakuna sa Kampus**

Long Beach, CA - Ang Departamento ng Pangkalusugan at Serbisyong Pantao sa Lungsod ng Long Beach ay nakipagsosyo sa Long Beach Unified School District (LBUSD) upang mag-host ng mga klinika ng bakuna sa mga piling kampus ng paaralan bilang bahagi ng patuloy na pangako ng Lungsod na matiyak na ang bakuna sa COVID-19 ay ma-akses ng lahat.

“Ipinagmamalaki naming makipagsosyo sa LBUSD upang maisagawa ang mga klinika sa pagbabakuna sa ilan sa aming mga lokal na paaralan,” sabi ni Alkalde Robert Garcia. “Kami ay magpapatuloy na maging malikhain at makikipagtulungan sa aming mga kasosyo sa komunidad upang gawing mas madali ang pag-akses sa mga bakuna sa buong lungsod.”

Ang [school vaccination clinics](#) na magaganap sa mga sumusunod na Kampus ng LBUSD hanggang sa karagdagang abiso:

- Cabrillo High School, tuwing Sabado mula alas 10 ng umaga hanggang ala 1 ng hapon.
- Grant Elementary, tuwing Miyerkules at Biyernes mula alas 10:30 ng umaga hanggang alas 12:30 ng hapon.
- Washington Middle School, tuwing Martes at Huwebes mula alas 2:30 hanggang 4:30 ng hapon.

Ang bawat lokasyon ay may kakayahang magbigay ng halos 100 daang mga walk-up na apoyntment bawat oras, batay sa pagkakaroon ng suplay ng bakuna, at magdadala ng dalawang dosis na bakunang Pfizer at Moderna at ang solong dosis na Janssen / Johnson at Johnson. Kung sakaling ang lahat ng mga walk-up apoyntment ay naubos na sa isang partikular na araw, bibigyan ang mga tao ng impormasyon sa mga kahaliling lugar ng pagbabakuna sa mobile o inaalok ng isang pang-hinaharap na apoyntment. Ang mga menor de edad ay dapat mayroong isang magulang o tagapag-alaga upang mabakunahan.

Ang mga 12 taong gulang pataas ay karapat-dapat na makatanggap ng mga bakuna sa Long Beach. Habang hindi kinakailangan ang mga tipanan, ang mga mas gustong mag-iskedyul ng paunang appointment sa pagbabakuna ay maaaring bumisita sa [My Turn](#), ang online na notipikasyon sa COVID-19 Ng Estado na pag-abiso sa bakuna at sistema ng apoyntment, o tumawag sa 833.422.4255.

"Pinahahalagahan namin ang aming pakikipagsosyo sa Lungsod ng Long Beach at sa Kagawaran ng Kalusugan sa buong pandemya," sinabi ni LBUSD Superintendent Jill A. Baker. "Ang pagbabakuna ang dahilan na ang aming mga paaralan ay muling nabuksan para sa personal na pag-aaral, at nais naming panatilihin ang momentum na iyon na nangyayari para sa aming mga mag-aaral at aming komunidad. Nanatiling nakatuon kaming makipagsosyo sa Lungsod upang makapagbigay ng higit na pag-access sa mga bakunang ito. "Ang mga klinika sa pagbabakuna sa mobile sa mga lokal na paaralan ay isa pang positibong hakbang patungo sa pagtiyak na abeylabol ang mga bakuna sa lahat. Ang mga klinika sa pamayanan tulad ng mga ito ay nag-aalok ng direktang mga pagkakataon sa mga serbisyo sa pagbabakuna para sa mga maaaring walang akses upang makagawa ng mga apoyntment sa online o kung kulang sa mga mapagkukunan upang makapunta sa isang klinikang pang masa para sa bakuna. Bilang bahagi ng pangako ng Lungsod na magbigay ng pantay na pamamahagi ng bakuna, ang Kagawaran ng Kalusugan ay nagsimulang magsagawa ng maliliit na mga bakunang mga klinika na batay sa pamayanan at kalaunan ay naglunsad ng dalawang mobile na sasakyan upang mabakunahan ang mga tao sa mga kapitbahayan na pinakamahirap na tinamaan ng COVID upang mabawasan ang mga epekto ng bayrus. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap sa pagbabakuna ng Lungsod ay abeylabol sa [VaxLB webpage](#).

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat na ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan sa @LongBeachCity on Facebook, Twitter at Instagram. Maaari ring bisitahin ng mga tao ang [longbeach.gov/COVID19data](https://longbeach.gov/COVID19data) para sa napapanahong impormasyon tungkol sa mga kaso at bakuna.

###